

The Baptist Tabernacle of Los Angeles

Mailing Address:
P. O. Box 15308
Los Angeles, CA 90015

Phone: (213) 744-9999

E-mail: rlhymersjr@sbcglobal.net

www.sermonsfortheworld.com

www.baptisttabernacle.com



Dr. Christopher L. Cagan
Pastor

Dr. R. L. Hymers, Jr.
Pastor Emeritus

Disyembre, 2020

Minamahal kong Kaibigan:

Anong Satanikong gulo ang binuhay natin sa taon ng 2020! Ang pangulo ay napatalsik! Ang coronavirus ay tumama! Mga mababangis na mga sunog ay sumira sa ating mga kagubatan! Sinunod ng mga tao ang mga Komunista at nagwala, nagsipagsunog nga ating mga lungsod! Ako rin ay hindi na makatayo upang mangaral! “ang iba’y magsisitalikod sa pananampalataya, at mangakikinig sa mga espiritung mapanghikayat at sa mga aral ng mga demonio; Sa pamamagitan ng pagpapaimbabaw ng mga tao na nagsisipagsalita ng mga kasinungalingan, na hinerohan ang kanilang mga sariling budhi ng waring bakal na nagbabaga” (I Ni Timoteo 4:1, 2)! Pati ang Papa ay nag-endorso ng parehong kasarian na pagsasama! Para bang ang buong mundo ay handa nang sumabog; sinabi ni Hesus,

“At magkakaroon ng mga tanda sa araw at buwan at mga bituin; at sa lupa’y magkakaroon ng kasalatan sa mga bansa, na matitilihan dahil sa ugong ng dagat at mga daluyong; Magsisipanglupaypay ang mga tao dahil sa takot, at dahil sa paghihintay ng mga bagay na darating sa ibabaw ng sanglibutan: sapagka’t mangangatal ang mga kapangyarihan sa mga langit. At kung magkagayo’y makikita nila ang Anak ng tao na pariritong nasa isang alapaap na may kapangyarihan at dakilang kaluwalhatian. Datapuwa’t kung magpasimulang mangyari ang mga bagay na ito, ay magsitingin kayo, at itaas ninyo ang inyong mga ulo; sapagka’t malapit na ang pagkatubos ninyo” (Lucas 21:25-28).

“Datapuwa’t kayo’y ibibigay ng kahit mga magulang, at mga kapatid, at mga kamaganak, at mga kaibigan; at ipapapatay nila ang iba sa inyo” (Lucas 21:16).

Paano natin mababasa ang mga pasaheng at hindi makita na nabubuhay na tayo ngayon sa mga huling araw ng propesiya ng Bibliya?

“Ngunit panahon ng Kapaskuhan,” ang sasabihin mo! Noong Disyembre taon ng 1941 si Churchill ay narito mula sa Inglatera dahil binomba ng mga Hapon ang Pearl Harbor at binobomba ni Hitler ang London. Si Churchill ay nasa White House kasama ni Pangulong Franklin D. Roosevelt. Noong sinindiha ng pangulo ang pambansang Pampaskong puno, sinabi ni Churchill, “Hayaan na ang mga bata ay magkaroon ng gabi ng katuwaan at palaro.”

Ngunit ikaw at ako ay hindi na mga “bata”! Ito ang panahon upang matanto na ang nag-iisang pag-asa natin ay ang sanggol na ipinanganak sa Bethlehem – at na wala tayong tunay na pag-asa kundi sa Pangalawang Pagdatin ni Hesus bilang Hari ng mga Hari at Panginoon ng mga Panginoon!

Mahabang panahon noon taon ng mga 1950, binigyan ako ng Diyos ng isang berso na lubos na nakatulong sa akin bilang pastor sa mga araw ng apostasiya.

MAARI NINYONG MABASA ANG DAAN-DAANG MGA SERMON AT ARAL SA APAT NA PUT LIMANG MGA WIKA SA WWW.SERMONSFORTHEWORLD.COM.

Noong ika-2 ng Pebrero ipinagdiwang namin ang Tsinong Bagong Taon sa umaga sa panggaging paglilingkod.

“Lahat ng mga bagay ay aking magagawa [sa pamamagitan ni Kristo na] nagpapalakas sa akin” (Mga Taga Filipino 4:13) – [KJV].

Ika-1 ng Marso ay ang huling Linggo namin sa lumang gusali sa Kalye ng Hope. Sa natitira ng taon (2020) nakikita kami sa dalawang tahanan, dahil sa coronavirus. Kada linggo nagrerekord ako ng aral sa videyo, na ipapapanood sa dalawang tahanan. Pagkatapos ng aral na videyo naghahapunan kami.

Ang aking ika-79 na kaarawan ay bumagsak sa Araw ng Pagkabuhay na Linggo, ika-12 ng Abil. Ipinagdiwang rin naming ang kaarawan ni Gng. Hymers noong ika-16 ng Abril. Masasabi ko, “Maraming anak na babae ay nagsisigawang may kabaitan, nguni't ikaw, ay humihigit sa kanilang lahat” (Mga Kawikain 31:29).

Noong ika-27 ng Setyembre ipinagdiwang ng sumbahan ang aming ika-38 na anibersaryo ng pagkakasal. Sa nakalipas na isang taon ako nagdurusa mula sa ibabang bitukang karamdaman, na gumawang imposible para sa akin na tumayo upang mangaral. Ito'y dahil sa malubhang radyasyon para sa kanser na sumira sa mga ugat na panramdam na nareulta sa karamdamang ito na tinatawag na Crohn's.

Gayon, sa parehong taon, binasabasan ng Diyos ang gawain namin! Nakadagdag kami ng tatlo pang mga wika ng berso-kada-bersong pag-aaral ng Bibliya at mga pangaral sa aming websayt sa www.sermonsfortheworld.com. Dinagdag namin ang Khongso Chin, isang lokal na wika ng Myanmar (Burma) bilang aming ika-43 na wika. Naidagdag rin naming ang Malayalam, isa pang wika ng Indiya, bilang ang aming ika-44 na wika. At tapos idinagdag ang Sinhala, ang wika ng Sri Lanka, bilang ang aming ika-45 na wika.

Nakatatanggap ako na mga nakamamanghang mga email linggo-linggo mula sa mga mangangaral sa iba't ibang bansa ng mundo na nagsasabi sa amin kung gaano sila natulungan ng mga pangaral.

Noong ika-7 ng Hulyo nagbukas ang escrow sa aming lumang gusali sa Kalye ng Hope, Salamat karamihan sa gawain ng aming anak na si Robert.

Noong ika-13 ng Oktubre ang buong simbahan ay nagdiwang ng buhay ni Eugene Grace sa kanyang paglilingkod na naganap sa Pambansang Sementeryo sa Riverside. Nagabay ni Dr. Cagan si Gg. Grace na magtiwala kay Hesus ilang oras bago siya lumipas sa edad na 91. Si Gg. Grace ay ang amain ni Tom Xia, isang mainamna miyembro ng aming simbahan.

Ilang linggo mayamaya, ibinigay ni Dr. Cagan ang mabuting balita ang Ebanghelyo sa asawa ni Gng. Grace, si Sophie at ngayon mayroon na siyang walang hanggang buhay. Siya ay inaasahang ang unang taong mabibinyagan sa aming bagong lokasyon sa San Gabriel. Na si Gng. Hymers ang nagmaneho dinala niya ako sa Riverside upang makapunta sa libing na paglilingkod ni Gg. Grace. Tapos minaneho niya ako sa Oxnard, kung saan ay gumugol kami ng ilang araw ng nagpahinga malapit sa tabing dagat.

Sa ika-22 ng Nobiyembre (Linggo) magkakaroon kami ng salo-salo para sa Pagbibigay Pasasalamat sa tahanan ni Dr. Cagan sa Alhambra.

Nagtrabaho pa din ako, na nagsusulat ng mga aral at pangaral, at tinutulungan si Dr. Cagan. Sa ilang linggo, papasukin ko ang ika-81 na taon ng aking buhay. Hindi ako makatutuloy magtrabaho kung hindi dahil sa aking mahal na asawang si Ileana – at para kay Hesus kung kanino ay tumatanggap ako ng lakas upang magpatuloy.

“Lahat ng mga bagay ay aking magagawa [sa pamamagitan ni Kristo na] nagpapalakas sa akin” (Mga Taga Filipino 4:13) – [KJV].

Ito ang pangako ni Hesus! Isasara ko ang sulat na ito sa pamamagitan ng pagsisipi ng testimonyo ng aking kasangang si Dr. Christopher L. Cagan:

MAARI NINYONG MABASA ANG DAAN-DAANG MGA SERMON AT ARAL SA APAT NA PUT LIMANG MGA WIKA SA WWW.SERMONSFORTHEWORLD.COM.

Maraming taon noon wala ako kapayapaan. Nabubuhay ako para sa aking sarili. Hindi ko naisip ang Diyos o anong mangyayari kapag namatay ako. Pinagkakatiwalaan ko ang aking sarili. Tumatakbo ako at nagtatago mula sa Diyos. Nakakuha ako ng matataas na grado sa kolehiyo at kumita ng maraming pera, ngunit ako nag-iisa at hindi masaya.

Tapos nakakilala ako ng ilang mga Kristiyano na naging mabuti sa akin. Nagsimula akong magpunta sa simbahan. Ngunit gusto ko pa ding mabuhay sa sarili kong paraan. Isang gabi nagpunta sa ako sa isang pagpupulong sa paaralan. Isang binate ang nagsabi sa akin ng pinaka mainam na balita sa lahat na aking napakinggan – na minahal ako ng Diyos at gustong bigyan ako ng walang hanggang buhay. Sinabi niya sa akin kung paano tanggapin ang buhay na iyon. Sa gabing iyon nagtiwala ako kay Hesus. Pinatawad niya ang aking mga kasalanan at binigayan ako ng walang hanggang buhay.

Ngayon mayroon na aking kapayapaan. Ngayon mayroon na aking walang hanggang buhay. Ginamot ako ni Hesus sa loob. Binigyan Niya ako ng kaligayahan. Hindi na ako nag-iisa. Alam ko na kung mamatay ako ngayong gabi, magpupunta ako sa Langit kasama ng Diyos, dahil binigyan ako ni Hesus ng walang hanggang buhay!

Lubos akong natutuwa na ako’y nagtrabaho para kay Hesus! Hindi ko magagawa iyan na wala ang Kanyang kapangyarihan at biyaya, at na wala si Dr. Cagan, Ileana, at ang aming anak na si John Wesley, na mag-aaral ng plebotomiya at mga kaugnay na mga paksa sa sunod na tagibol.

Naway pagpalain ka ni Hesus at ang iyong pamilya! Naway ipagdasal mo si Kent Philpott at ako, habang aming ayusin ang aklat sa pagpapalaya sa pamamagitan ni Hesus! Naway ipagdasal mo kami habang ilunsad namin ang bagong Tsinong Bautistang simbahan sa San Gabriel.



Si Dr. Hymers kasama ang kanyang asawang si Ileana, ang kanyang anak na si Robert, ang asawa ni Robert na si Jin, at ang dalawang babaeng anak ni Robert na sina Hannah at Sarah. Nananalangin ako na sila’y malapit nang magkaroon ng isa pang anak.

Naway si Kristo ay purihin magpakailan man!

Rev. R. L. Hymers, Jr.,
D.Min., D.Rel., Th.D., Litt.D.
Mga Taga Filipino 4:13

“Ang tao na gumagala sa labas ng daan ng kaunawaan, magpapahinga sa kapisanan ng patay” (Mga Kawikain 21:16).

MAARI NINYONG MABASA ANG DAAN-DAANG MGA SERMON AT ARAL SA APAT NA PUT LIMANG MGA WIKA SA WWW.SERMONSFORTHEWORLD.COM.